



Taglagas 2017

Minamahal naming Magulang / Tagabigay-alaga,

Salamat sa inyong kahilingan sa ating mga programang Distritong alternatibo (Mini Schools). Hinihikayat ang mga magulang sumapi sa ilang Impormasyong Pang-gabi upang mapili ang nararapat na programa sa kanilang anak. Magsisimula ang Impormasyong Pang-gabi sa ika-2 ng Okt. at tatakbo hanggang ika-8ng Nob., 2017.

Mula ika-27 ng Okt. hanggang ika-9 ng Nobyembre maiging bukas ang **pagpapalista online** para sa pagtatasa sa malaking pangkat para sa **ika-21 ng Nobyembre 2017**.

Paki-tandaan:

Mangyaring online lamang ang pagpapalista sa pagtatasa sa malaking pangkat para sa **ika-21 ng Nobyembre 2017**. Ilalagay ang link sa website ng VSB website sa www.vsb.bc.ca sa ika-27 ng Okt, 2017. Bago kayo maaaring magpalista online dapat ninyong kumuha ng **STUDENT PEN number**. Itong siyam na bilang na numero ay makukuha sa tanggapan ng inyong Mababang Paaralan. Maaari lang kayong magpalista online mula ika-27 ng Okt.hanggang ika-9 ng Nobyembre. **WALANG NAHUHULING** nagpapalista ang tatanggapin.

Ang pagtatasa sa **ika-21 ng Nobyembre** ay sukat ng kakayahang kognitibo, kahusayan sa Ingles at kakayahan sa Matematika.

Ang pagsusulit ay humigit-kumulang 2.5 oras kahaba at ang mga mag-aaral ay itatakda sa isang panglokal na Sekondaryang paaralan upang kunin ang pagsusulit.

Walang mga halimbawang tanong o impormasyon sa nilalaman ang maibibigay sa mga magulang o mag-aaral. Itong pagsusulit ay para sa pagpili ng programa lamang. Walang resulta ng pagsusulit ay maibibigay sa mga mag-aaral o magulang. Hindi lahat ng programa ay ginagamit ang resulta ng pagsusulit sa paghikayat ng mga mag-aaral.

Dapat rin kayong mag-aplay sa **bawat programang** nais ninyong mapabilang. Ang pagpaparehistro sa pagsusulit ay hindi panigurado na awtomatikong matatanggap sa programa. Mag-aplay sa bawat programa sa **paaralan** kung nasaan itong programa. Ang **Huling Nakatakdang Araw** sa Pagpaparehistro sa bawat Programa ay **IKA-21 NG DISYEMBRE, 2017. WALANG PAGBIBIGYAN.**

Unang alok ay gagawin sa ika-20 ng Peb., 2018.

Ang pagtanggap sa unang alok ay gaganapin sa tanghali ng ika-22 ng Peb., 2018.

Pangalawang alok ay gagawin sa ika-1 ng Marso., 2018.

Ang pagtanggap sa pangalawang alok ay gaganapin sa tanghali ng ika-2 ng Marso., 2018.

Mangyaring sumangguni sa Opsiyon ng polyeto na makikita sa inyong Mababang paaralan o sa website na nasa PDF format.

Bawat taon humigit-kumulang 1400 mag-aaral ang nag-aaplay sa 650 bukas na puwesto sa pagtanggap ng Ika-8 Baytang. Bawat silid-aralan ng Distritong Paaralan ng Vancouver ay nag-aalok ng ibat-ibang nakagagalak at nakahahamong pagkakataon para matuto ang mga mag-aaral. Salamat muli, sa inyong kahilingan sa ating mga programa.